

**ANG MALIIT NA  
KATESISMO  
NI MARTIN LUTERO**


---

***LUTHER'S SMALL  
CATECHISM***





**ANG MALIIT NA  
KATESISMO  
NI  
MARTIN LUTERO**









**Multi-Language  
Productions**

Bringing the Word to the World

This edition of Luther's Catechism © 2017 Northwestern Publishing House, Wuakesha, Wisconsin. All rights reserved. Used by permission.

Translated by WELS Multi-Language Productions, a program of the Wisconsin Evangelical Lutheran Synod's Board for World Missions.

Multi-Language Productions. Copyright © 2021 WELS-BWM

Scripture taken from Magandang Balita Biblia, Tagalog Popular Version. Copyright © 2008 by the Philippine Bible Society (PBS).

# **UNANG BAHAGI**

## **ANG SAMPUNG UTOS**

Gaya ng dapat ituro ng ama ng tahanan sa isang madaling paraan sa kanyang sambahayan

### **ANG UNANG UTOS**

Huwag kang sasamba sa ibang diyos, maliban sa akin.

#### **Ano ang kahulugan nito?**

Dapat tayong matakot, umibig, at magtiwala sa Diyos nang higit sa lahat.

### **ANG IKALAWANG UTOS**

Huwag mong gagamitin sa walang kabuluhan ang pangalan ni Yahweh na iyong Diyos.

#### **Ano ang kahulugan nito?**

Dapat tayong matakot at umibig sa Diyos nang sa gayo'y huwag nating sumpain ang iba, huwag tayong manumpa, mangulam, magsinungaling o manlinlang sa pamamagitan ng pangalan Niya, kundi tawagan yaon sa bawat ligalig, dalanginan Siya, papurihan at pasalamatan.

## **ANG IKATLONG UTOS**

Lagi mong tandaan at ilaan para sa akin ang Araw ng Pamamahinga.

### **Ano ang kahulugan nito?**

Dapat tayong matakot at umibig sa Diyos nang sa gayo'y huwag nating hamakin ang pangangaral at ang Kanyang Salita, kundi tanggaping banal ito at malugod na dinggin at matutuhan ito.

## **ANG IKAAPAT NA UTOS**

Igalang mo ang iyong ama at ina. Sa gayo'y mabubuhay ka nang matagal sa lupaing ibinibigay sa inyo ni Yahweh na inyong Diyos.

### **Ano ang kahulugan nito?**

Dapat tayong matakot at umibig sa Diyos nang sa gayo'y huwag nating hamakin ang ating mga magulang at mga pinaglilingkuran, ni pagalitin sila, kundi igalang, paglilingkuran, at sundin, ibigin at pagpitaganan sila.

## **ANG IKALIMANG UTOS**

Huwag kang papatay.

### **Ano ang kahulugan nito?**

Dapat tayong matakot at umibig sa Diyos nang sa gayo'y huwag nating pasakitan ni saktan sa katawan



ang ating kapuwa, kundi tulungan natin at kaibiganin siya sa bawat pangangailangan ng katawan.

### **ANG IKAANIM NA UTOS**

Huwag kang mangangalunya.

#### **Ano ang kahulugan nito?**

Dapat tayong matakot at umibig sa Diyos nang sa gayo'y mamuhay tayo nang malinis at hindi mahalay sa pananalita at sa gawa at bawat isa'y umibig at gumalang sa kanyang asawa.

### **ANG IKAPITONG UTOS**

Huwag kang magnanakaw.

#### **Ano ang kahulugan nito?**

Dapat tayong matakot at umibig sa Diyos nang sa gayo'y huwag nating kunin ang salapi o ari-arian ng ating kapuwa, ni ariin ang mga yaon sa pamamagitan ng may dayang kalakal o pakikitungo, kundi tulungan siyang paunlarin at ipagsanggalang ang kanyang mga ari-arian at hanap-buhay.

### **ANG IKAWALONG UTOS**

Huwag kang sasaksi nang walang katotohanan laban sa iyong kapwa.

### **Ano ang kahulugan nito?**

Dapat tayong matakot at umibig sa Diyos nang sa gayo'y huwag nating pagsinungalingan, ipagkanulo, siraang puri, ni alipustain ang ating kapuwa, kundi ipagtanggol siya, magsalita ng mabuti ukol sa kanya, at magbigay ng pinakamabuting kahulugan sa lahat ng kanyang mga ginagawa.

### **ANG IKASIYAM NA UTOS**

Huwag mong pagnanasaang maangkin ang sambahayan ng iyong kapwa.

### **Ano ang kahulugan nito?**

Dapat tayong matakot at umibig sa Diyos nang sa gayo'y huwag nating pagnasaang makamtan sa tusong paraan ang mana o bahay ng ating kapwa, ni tamuhin ito sa pamamagitan ng pagpapakita ng wari'y may karapatan tayo sa mga yaon, kundi tumulong at maging handang maglingkod sa kanya sa pag-iingat niyaon.

### **ANG IKASAMPUNG UTOS**

Huwag mong pagnanasaang maangkin ang kanyang asawa, mga alilang lalaki o babae, mga baka, asno o ang anumang pag-aari niya.

### **Ano ang kahulugan nito?**

Dapat tayong matakot at umibig sa Diyos nang sa gayo'y huwag nating ihiwalay, pilitin, ni akiting lumayo sa ating kapuwa ang kanyang asawa, mga alila, o mga

hayop, kundi himukin silang manatili at gawin ang kanilang tungkulin.

## **MGA SALITANG PANGWAKAS NG MGA UTOS**

### **Ano ang sinasabi ng Diyos tungkol sa mga utos na ito?**

Ganito ang sinasabi Niya: Akong si Yahweh na iyong Diyos ay mapanibughuing Diyos. Ang kasalanan ng mga magulang ay sinisingil ko sa kanilang mga anak hanggang sa ikatlo at ikaapat na salinlahi. Ngunit ipinadarama ko ang aking pag-ibig sa libu-libong salinlahi ng mga umiibig sa akin at tumutupad sa aking mga kautusan.

### **Ano ang kahulugan nito?**

Binabalaan ng Diyos na parurusahan ang lahat ng mga nagsisilabag sa mga utos na ito. Kaya't dapat tayong matakot sa Kanyang poot at huwag gumawa nang salungat sa mga ito. Datapuwat Siya'y nangangako ng biyaya at lahat ng pagpapala sa lahat ng mga tumutupad ng mga utos na ito. Sa gayo'y dapat din tayong umibig at magtiwala sa Kanya at kusang-loob na sundin ang naaayon sa Kanyang mga utos.

# **ANG CREDO NG MGA APOSTOL**

(Sinampalatayan)

Gaya ng dapat ituro ng ama ng tahanan sa isang madaling paraan sa kanyang sambahayan

## **ANG UNANG PANGKAT**

### **ANG PAGLIKHA**

Sumasampalataya ako sa Diyos Amang makapangyarihan sa lahat na lumikha ng langit at lupa.

### **Ano ang kahulugan nito?**

Sumasampalataya ako na nilikha ako ng Diyos at ang lahat ng mga nilalang; na binigyan Niya ako ng katawan at kaluluwa, mga mata, mga tainga, at lahat ng aking mga sangkap, ng aking pag-iisip at ng lahat ng aking pandamdang, at iniingatan pa rin ang mga ito;

gayon din ng mga damit at mga panapin sa paa, pagkain at inumin, bahay at tahanan, asawa at mga anak, mga bukid, mga kawan at lahat ng mga ari-arian ko; na masaganang ipinagkakaloob Niya sa akin araw-araw ang lahat ng aking mga pangangailangan upang pangalagaan ang katawan at buhay na ito;

at ipinagsasanggalang Niya ako sa lahat ng panganib, binabantayan at iniingatan Niya ako laban sa lahat ng kasamaan;

at ang lahat ng ito ay mula lamang sa Kanyang kabutihan at awa bilang aking Diyos at Ama, kahit wala akong karapatan sa mga yaon,

sa lahat ng mga ito'y katungkulan ko ang magpasalamat at magpuri, maglingkod at sumunod sa Kanya.

Ito ang katotohanan.

## **ANG IKALAWANG PANGKAT**

### **ANG PAGTUBOS**

At kay Jesu-Cristo, Kanyang Bugtong na Anak, na ating Panginoon, na ipinaglihi sa pamamagitan ng Espiritu Santo, ipinanganak ng Birheng Maria, nagdusa sa ilalim ni Poncio Pilato, ipinako sa krus, namatay, at inilibing; Siya'y bumaba sa impiyerno; sa ikatlong araw, Siya'y nagbangon sa mga patay; umakyat sa langit at nakaluklok sa kanan ng Diyos Amang Makapangyarihan sa lahat; buhat doo'y paririto upang hukuman ang mga buhay at mga patay.

### **Ano ang kahulugan nito?**

Sumasampalataya ako na si Jesu-Cristo, tunay na Diyos, Anak ng Ama mula pa sa walang hanggan, at tunay na tao, ipinanganak ng Birheng Maria, ay aking Panginoon,

na tumubos sa akin, isang naligaw at hinatulang nilikha, binili at pinagtagumpayan ako mula sa lahat ng mga kasalanan, mula sa kamatayan at mula sa kapangyarihan ng diyablo; hindi ng ginto o pilak, kundi ng Kanyang banal at mahalagang dugo at Kanyang walang-kasalanang pagdurusa at kamatayan;

upang ako ay maging sariling Kanya at mamuhay sa ilalim Niya sa Kanyang kaharian, at maglingkod sa Kanya sa walang katapusang katuwiran, pagkawalang-kasalanan, at pagpapala;

gaya ng Siya'y nagbangon sa mga patay, nabubuhay at naghahari magpasawalang hanggan.

Ito ang katotohanan.

## **ANG IKATLONG PANGKAT**

### **ANG PAGBANAL**

Sumasampalataya ako sa Espiritu Santo; sa banal na Iglesiang Cristiano, na kapulungan ng mga banal; sa kapatawaran ng mga kasalanan; sa pagbangon ng katawan; at sa buhay na walang hanggan. Amen.

### **Ano ang kahulugan nito?**

Sumasampalataya ako na sa pamamagitan ng aking sariling pag-iisip o lakas ay hindi ako maaaring makapanampalataya kay Jesu-Cristo, na aking Panginoon o makalapit sa Kanya; datapuwa't tinawag

ako ng Espiritu Santo sa pamamagitan ng Ebanghelyo, niliwanagan ako ng Kanyang mga kaloob, binanal at iningatan ako sa tunay na pananampalataya;

tulad sa Siya'y tumatawag, tunitipon, nagpapaliwanag at bumabanal sa buong Iglesiang Cristiano sa lupa at iniingatan ito kay Jesu-Cristo sa isang tunay na pananampalataya; sa Iglesiang Cristianong ito Siya ay masaganang nagpapatawad araw-araw ng lahat ng mga kasalanan ko at ng lahat ng mga sumasampalataya,

at sa Huling Araw ibabangon ako at ang lahat ng mga patay at ipagkakaloob sa akin at sa lahat ng sumasampalataya kay Cristo ang buhay na walang hanggan.

Ito ang katotohanan.

## **ANG AMA NAMIN**

Gaya ng dapat ituro ng ama ng tahanan sa isang madaling paraan sa kanyang sambahayan

Ama naming nasa langit, sambahin nawa ang iyong pangalan. Dumating nawa ang iyong kaharian. Masunod nawa ang iyong kalooban dito sa lupa tulad ng sa langit. Bigyan mo kami ng aming pagkain sa araw-araw; at patawarin mo kami sa aming mga kasalanan, tulad ng pagpapatawad namin sa mga nagkakasala sa amin. At huwag mo kaming hayaang matukso, kundi iligtas mo kami sa Masama! Sapagkat iyo ang kaharian, at ang kapangyarihan, at ang kaluwalhatian, magpakailanman! Amen.

### **ANG PANIMULA**

Ama naming nasa langit.

#### **Ano ang kahulugan nito?**

Sa pamamagitan ng mga salitang ito ang Diyos ay masuyong nag-aanyaya sa atin na sumampalataya na Siya ang tunay nating Ama at tayo ay tunay Niyang mga anak, upang tayo'y makahingi nang palagay ang loob at may pagtitiwala sa Kanya, tulad ng paghingi ng mga mahal na anak sa kanilang mahal na ama.



## **ANG UNANG KAHILINGAN**

Sambahin (Luwalhatiin) nawa ang iyong pangalan.

### **Ano ang kahulugan nito?**

Ang pangalan ng Diyos ay puspos nga ng kaluwalhatian; datapuwa't idinadalangin natin na ito'y lagi nating luwalhatiin.

### **Paano nangyayari ito?**

Kung ang Salita ng Diyos ay itinuturo sa katotohanan at kadalisan nito, at kung tayo, bilang mga anak ng Diyos, ay namumuhay rin nang banal ayon dito. “Tulongan Mo kami sa bagay na ito, mahal na Ama sa langit.” Datapuwa't siya na nagtuturo at namumuhay nang naiiba kay sa itinuturo ng Salita ng Diyos ay nilalaspatangan ang pangalan ng Diyos. “Sa bagay na ito ay ingatan Mo kami, Ama sa langit.”

## **ANG IKALAWANG KAHILINGAN**

Dumating nawa ang iyong kaharian.

### **Ano ang kahulugan nito?**

Talaga ngang dumarating ang kaharian ng Diyos kahit hindi tayo manalangin; datapuwa't idinadalangin natin sa kahilingang ito na ito'y makarating sa atin.

### **Paano nangyayari ito?**

Kung ibinibigay sa atin ng ating Ama sa langit ang Kanyang Espiritu Santo, upang sa pamamagitan ng

Kanyang kahabagan tayo ay sumampalataya sa Kanyang banal na Salita at mamuhay nang banal dito sa lupa at sa buhay na walang hanggan.

## **ANG IKATLONG KAHILINGAN**

Masunod nawa ang iyong kalooban dito sa lupa tulad ng sa langit.

### **Ano ang kahulugan nito?**

Ang mabuti at mahabaging kalooban ng Diyos ay nangyayari nga kahi't hindi tayo manalangin; datapuwa't tayo'y nananalangin sa kahilingang ito upang ito ay mangyari rin naman sa atin.

### **Paano nangyayari ito?**

Kung pinatitigil at hinahadlangan ng Diyos ang bawa't masamang payo at kalooban na hindi magpapahintulot na luwalhatiin natin ang pangalan ng Diyos, ni hayaang dumating ang Kanyang kaharian, na gaya ng kalooban ng diyablo, ng sanlibutan, at ng ating laman; datapuwa't pinalalakas at pinamamalagi tayong matibay sa Kanyang Salita at sa pananampalataya hanggang sa ating wakas. Ito ang Kanyang mahabagin at mabuting kalooban.

## **ANG IKAAPAT NA KAHILINGAN**

Bigyan mo kami ng aming pagkain sa araw-araw.

### **Ano ang kahulugan nito?**

Ang Diyos ay talagang nagbibigay ng pagkain sa araw-araw kahit hindi tayo manalangin, maging sa lahat ng masasama; datapuwa't tayo'y nananalangin sa kahilingang ito upang ipaalam Niya ito sa atin at tanggapin natin ang ating kakanin sa araw-araw na may pagpapasalamat.

### **Ano ang kahulugan ng “pagkain sa araw-araw”?**

Ang bawat bagay na nauukol sa pangangalaga at pangangailangan ng katawan, gaya ng pagkain, inumin, pananamit, mga sapin sa paa, bahay, tahanan, bukid, kawan, salapi, ari-arian, isang maka-Diyos na asawa, maka-Diyos na mga anak, maka-Diyos na mga katulong, maka-Diyos at matatapat na mga pinuno, mabuting pamahalaan, mabuting panahon, kapayapaan, kalusugan, kaayusan, karangalan, mabubuting kaibigan, matatapat na kapitbahay, at mga katulad nito.

## **ANG IKALIMANG KAHILINGAN**

Patawarin mo kami sa aming mga kasalanan, tulad ng pagpapatawad namin sa mga nagkakasala sa amin.

### **Ano ang kahulugan nito?**

Idinadalangin natin sa kahilingang ito na huwag tingnan ng ating Amang sumasalangit ang ating mga kasalanan; ni dahil sa mga yaon ay tanggihan ang ating panalangin; sapagkat wala tayong karapatan sa alinman sa mga bagay na ating hinihiling, kundi ipagkaloob Niya sa atin ang lahat ng mga yaon dahil sa habag; sapagkat malabis tayong nagkakasala sa araw-araw at tunay ngang wala tayong dapat tamuhin kundi kaparusahan. Kaya nga tayo rin ay buong pusong magpapatawad at laging handang gumawa ng kabutihan sa mga nagkakasala sa atin.

### **ANG IKAANIM NA KAHILINGAN**

At huwag mo kaming hayaang matukso.

### **Ano ang kahulugan nito?**

Ang Diyos ay tunay ngang walang tinutuksong sinuman; ngunit idinadalangin natin sa kahilingang ito na bantayan at ingatan tayo ng Diyos, upang huwag tayong malinlang ng diyablo, ng sanlibutan, at ng ating laman, ni huwag tayong maibuyo ng mga ito sa maling paniniwala, sa kawalang pag-asa at sa iba pang malaking kahihyan at masasamang hilig; at bagaman ligaligin tayo ng mga yaon, gayon ma'y makapananaig pa rin tayo sa wakas at magtatamo ng tagumpay.

## **ANG IKAPITONG KAHILINGAN**

Kundi iligtas mo kami sa Masama.

### **Ano ang kahulugan nito?**

Idinadalangin natin sa kahilingang ito, bilang kabuuan ng lahat, na iligtas tayo ng ating Amang sumasalangit sa bawa't kasamaan sa katawan at kaluluwa, ari-arian at karangalan, at sa wakas, kung sumapit na ang ating huling oras, na ipagkaloob sa atin ang isang mapayapang kamatayan at mahabaging kunin tayo sa libis na ito ng mga pagluha tungo sa Kanya sa kalangitan.

## **ANG PANGWAKAS**

Sapagkat iyo ang kaharian, at ang kapangyarihan, at ang kaluwalhatian, magpakailanman! Amen.

### **Ano ang kahulugan ng salitang “Amen”?**

Ako'y nakatitiyak na ang mga kahilingang ito ay kalugod-lugod at dinirinig ng ating Amang nasa langit; sapagkat Siya rin ang nag-utos sa atin na manalangin, at nangakong tayo'y diringgin Niya. Amen, Amen, o kaya't tunay, tunay, magkagayon nga.

# **ANG SAKRAMENTO NG BANAL NA BAUTISMO**

Gaya ng dapat ituro ng ama ng tahanan sa isang madaling paraan sa kanyang sambahayan

## **I. ANG KALIKASAN NG PAGBABAUTISMO**

### **Ano ang Pagbabautismo?**

Ang Pagbabautismo ay hindi karaniwang tubig lamang kundi ang tubig na ginagamit ayon sa utos ng Diyos at tubig na kalakip ang Salita ng Diyos.

Aling Salita ng Diyos yaon?

Sinasabi ni Cristo na ating Panginoon sa huling kabanata ng ebanghelyo ayon kay Mateo: Kaya't humayo kayo, gawin ninyong alagad ko ang mga tao sa lahat ng mga bansa. Bautismuhan ninyo sila sa pangalan ng Ama, at ng Anak, at ng Espiritu Santo.

## **II. ANG MGA BIYAYA NG PAGBABAUTISMO**

### **Ano ang dulot o pakinabang ng Pagbabautismo?**

Ito'y nagsasagawa ng kapatawaran ng mga kasalanan, nagliligtas sa kamatayan at sa diyablo, at nagbibigay ng kaligtasang walang hanggan sa lahat ng sumasampalataya rito, ayon sa ipinahahayag ng mga salita at mga pangako ng Diyos.

Aling mga salita at mga pangako ng Diyos yaon?

Sinasabi ni Cristo na ating Panginoon sa huling kabanata ng ebanghelyo ayon kay Marcos: Ang sinumang sumasampalataya at mabautismuhan ay maliligtas, ngunit ang ayaw sumampalataya ay paparusahan.

### **III. ANG KAPANGYARIHAN NG PAGBABAUTISMO**

#### **Paano naisasagawa ng tubig ang gayong mga dakilang bagay?**

Hindi nga ang tubig ang nagsasagawa ng mga yaon, kundi ang Salita ng Diyos na kalakip ng tubig, at ang pananampalataya sa Salitang yaon ng Diyos na kalakip ng tubig. Sapagka't kung wala ang Salita ng Diyos, ang tubig ay karaniwang tubig lamang at walang Pagbabautismo. Datapuwa't kung kalakip ang Salita ng Diyos ito'y pagbabautismo, alalaon baga'y isang mabiyayang tubig ng buhay at paghuhugas sa kapanganakang muli sa

Espiritu Santo tulad ng sinasabi ni San Pablo kay Tito, kabanatang ikatlo:

Ngunit nang mahayag ang kabutihan at pag-ibig ng Diyos na ating Tagapagligtas, iniligtas niya tayo, hindi dahil sa ating mabubuting gawa kundi dahil sa kanyang habag sa atin. Tayo'y iniligtas niya sa pamamagitan ng Espiritu Santo na naghugas sa atin upang tayo'y ipanganak na muli at magkaroon ng bagong buhay. Masaganang ipinagkaloob ng Diyos sa atin ang Espiritu Santo sa pamamagitan ng ating Tagapagligtas na si Jesu-Cristo, upang tayo'y gawing matuwid sa pamamagitan ng kanyang kagandahang-loob, at tayo'y maging tagapagmana ng inaasahan nating buhay na walang hanggan. Mapagkakatiwalaan ang aral na ito.

#### **IV. ANG KAHULUGAN NG PAGBABAUTISMO SA PAMAMAGITAN NG TUBIG**

##### **Ano ang kahulugan ng gayong pagbabautismo sa pamamagitan ng tubig?**

Ito'y nangangahulugan na sa araw-araw ng pagsisisi at pagbabalik-loob ang Makasalanang Adan na nasa atin ay dapat malunod at mamatay kasama ng lahat ng mga kasalanan at mga pita at sa gayo'y isang bagong pagkatao ang lilitaw at babangon sa



araw-araw, na mamumuhay nang matuwid at dalisay sa harap ng Diyos magpakailanman.

Saan ito nasusulat?

Sinasabi ni San Pablo, sa kanyang liham sa mga taga-Roma, ikaanim na kabanata: Samakatuwid, tayo'y namatay na at nalibing na kasama niya sa pamamagitan ng bautismo upang kung paanong binuhay muli si Cristo sa pamamagitan ng dakilang kapangyarihan ng Ama, tayo rin ay magkaroon ng panibagong buhay.

# **ANG KAPAMAHALAAN SA MGA SUSI** **AT ANG PANGUNGUMPISAL**

Gaya ng dapat ituro ng ama ng tahanan sa isang madaling paraan sa kanyang sambahayan

## **Ano ang Kapamahalaan sa mga Susi?**

Yaon ang katangi-tanging kapangyarihan ng Iglesia na ibinigay ni Cristo sa Kanyang Iglesia sa ibabaw ng lupa upang magpatawad ng mga kasalanan ng mga nagsisising makasalanan, ngunit hindi patatawarin ang mga kasalanan ng ayaw magsisi hanggang sila'y hindi nagsisisi.

## **Saan nasusulat ito?**

Ganito ang isinulat ng banal na Ebanghelistang si Juan, sa kabanatang dalawampu: Pagkatapos, sila'y hiningahan niya at sinabi, “Tanggapin ninyo ang Espiritu Santo. Kung patatawarin ninyo ang mga kasalanan ninuman ay pinatawad na ang mga iyon, subalit ang hindi ninyo patatawarin ay hindi nga pinatawad.”

## **Ano ang pinananampalatayanan mo ayon sa mga pananalitang ito?**

Pinananampalatayanan ko na kung ang mga tinawag na mga ministro o lingkod ni Cristo ay nakikitungo sa atin ayon sa Kanyang Banal na Utos ay para ring si Cristo, na ating minamahal na Panginoon, ang Siyang nakikitungo sa atin. Lalung-lalo na kung sila'y nagtitiwalag mula sa kapulungang Cristiano ng mga hayag at ayaw magsising makasalanan at gayon din

kung sila'y nagpapatawad sa mga nagsisising makasalanang at nagnanasang magpakabuti, ito ay may halaga at tiyak maging sa langit man.

### **Ano ang Pangungumpisal?**

Ang Pangungumpisal ay may dalawang bahagi. Ang una ay ipinahahayag natin ang ating mga kasalanan. Ang ikalawa ay tumatanggap tayo ng kapatawaran sa pastor na para ring sa Diyos, nang walang pag-aalinlangan kundi matibay ang ating paniniwala, na sa pamamagitan niyaon ang ating mga kasalanan ay ipinatatawad na sa harap ng Diyos sa langit.

### **Anong mga kasalanan ang dapat nating ipahayag?**

Sa harap ng Diyos ay dapat nating amining tayo'y lubos na nagkasala; maging yaong mga pagkakasala na hindi natin nalalaman na nagawa natin, katulad ng ipinahahayag natin sa panalanging Ama Namin: "Patawarin mo kami sa aming mga kasalanan ..." Datapuwa't sa pastor ay dapat nating ipahayag iyon lamang mga kasalananang nadarama natin sa ating mga puso.

### **Alin-alin ang mga ito?**

Siyasatin mo ang iyong sarili ayon sa Sampung Utos, maging ikaw ay isang ama o ina, anak, pinuno o tagapaglingkod; kung ikaw ay naging masuwayin, taksil, tamad; kung dinalamhati mo ang sinumang tao sa pamamagitan ng salita o gawa; kung ikaw ay nagnakaw, nagpabaya, o nag-aksaya ng anuman o nakagawa ng kapinsalaan sa kapuwa.

# **ANG SAKRAMENTO NG BANAL NA HAPUNAN**

Gaya ng dapat ituro ng ama ng tahanan sa isang madaling paraan sa kanyang sambahayan

## **Ano ang Sakramento ng Banal na Hapunan?**

Ito'y tunay na katawan at dugo ng ating Panginoong Jesu-Cristo na kalakip ng tinapay at alak, para sa ating mga Cristiano upang kanin at inumin. Si Cristo nga ang nagtatag nito.

## **Saan ito nasusulat?**

Ang mga banal na mga Ebanghelistang sina Mateo, Marcos, Lucas at si San Pablong Apostol ay nagsisulat nang ganito:

Ang ating Panginoong Jesu-Cristo ng gabing Siya'y ipagkanulo, ay dumampot ng tinapay, at matapos magpasalamat sa Diyos, ito ay Kanyang pinagpirasaso at ibinigay sa mga alagad na sinasabi, "Kunin ninyo ito at kanin; ito ang aking katawan na ibinibigay para sa inyo. Gawin ninyo ito bilang pag-alaala sa akin."

Sa gayon ding paraan ay hinawakan Niya ang saro, pagkatapos makapaghapunan at ng makapagpasalamat na Siya sa Diyos ay ibinigay Niya sa kanila na sinasabi, "Uminom kayong lahat nito, sapagkat ito ang dugo ng tipan, ang aking dugo na nabubuhos dahil sa marami, sa ikapagpapatawad ng

mga kasalanan. Gawin ninyo ito, sa tuwing iinom kayo nito, bilang pag-alaala sa akin.”

**Ano ang kapakinabangan sa gayong pagkain at pag-inom?**

Yao'y nababatid natin sa mga salitang ito, "Ibinigay at nabuhos alang-alang sa inyo sa ikapagpapatawad ng mga kasalanan"; samakatuwid baga'y ang pagpapatawad ng mga kasalanan, ang buhay at ang kaligtasan ay ibinibigay sa atin ng Sakramento sa pamamagitan ng mga salitang ito. Sapagkat kung may kapatawaran ng mga kasalanan, ay mayroon din namang buhay at kaligtasan.

**Paanong ang pangkatawang pagkain at pag-inom ay nakagagawa ng gayong kalaking mga bagay?**

Hindi nga ang pagkain at pag-inom ang gumagawa ng mga yaon, kundi ang pananalitang nasusulat dito, "Ibinigay at nabuhos alang-alang sa inyo sa ikapagpapatawad ng mga kasalanan"; sapagkat bukod sa pangkatawang pagkain at pag-inom, ang pananalitang ito ay siyang pinakamahalaga sa Sakramento; at ang sumasampalataya rito ay may kapatawaran ng mga kasalanan.

**Paanong ang isang tao ay nagiging marapat sa pagtanggap ng gayong Sakramento?**

Ang pag-aayuno at paghahanda ng katawan ay isa ngang magandang disiplinang panlabas; datapuwa't ang taong tunay na nararapat at nahahandang mabuti ay yaong nananampalataya sa mga pananalitang ito, "at nabuhos alang-alang sa inyo sa ikapagpapatawad ng mga kasalanan." Datapuwa't ang hindi

sumasampalataya sa pananalitang ito, o nag-aalinlangan, ay di-nararapat at di-nakahanda; sapagkat ang pananalitang "alang-alang sa inyo" ay nangangahulugang ang lahat ng mga puso'y dapat sumampalataya.

## **PANGALAWANG BAHAGI**

Kung Paano Dapat Turuang Manalangin sa Umaga't Gabi ng Ama ng Tahanan ang Kanyang Sambahayan

### **PANALANGING PANG-UMAGA**

Sa umaga, sa pagbangon, ay mag-antanda at sabihin:

Sa pangalan ng Ama at ng Anak at ng Espiritu Santo.  
Amen.

Pagkatapos, nakaluhod o nakatayo, sambitin mo ang Credo ng mga Apostol at ang Ama Namin. Kung nais mo ay maaari mo ring sabihin ang maikling panalanging ito:

Nagpapasalamat ako sa Iyo, Ama sa langit, sa pamamagitan ni Jesu-Cristo, na Iyong mahal na Anak, na ako ay Iyong iningatan sa gabing ito sa anumang kapinsalaan at kapahamakan; at idinadalangin ko sa Iyo sa araw na ito na ako'y ilayo Mo rin sa lahat ng pagkakasala at kasamaan, upang ang lahat kong gawain at buong buhay ay maging kalugod-lugod sa Iyo. Sapagkat sa Iyong mga kamay ay ipinagkakatiwala ko ang aking katawan at kaluluwa at ang lahat ng bagay. Pangalagaan nawa ako ng Iyong banal na anghel upang ang diyablo ay huwag magkaroon ng kapangyarihan sa akin. Amen.

At ikaw ay masayang magpatuloy sa iyong gawain na umaawit ng papuri sa Diyos o anumang angkop na awitin bunga ng iyong pakikipag-ugnay sa Kanya.

## **PANALANGING PANGGABI**

Sa gabi, sa pagtulog, ay mag-antanda at sabihin:

Sa pangalan ng Ama at ng Anak at ng Espiritu Santo.  
Amen.

Pagkatapos, nakaluhod o nakatayo, sambitin mo ang Credo ng mga Apostol at ang Ama Namin. Kung nais mo ay maaari mo ring sabihin ang maikling panalanging ito:

Nagpapasalamat ako sa Iyo, Ama sa langit, sa pamamagitan ni Jesu-Cristo, na Iyong mahal na Anak, na ako'y buong kahabagang iningatan Mo sa araw na ito; at idinadalangin ko sa Iyo na ako ay patawarin Mo sa lahat ng aking pagkakasala at pagkukulang na nagawa at mahabaging kupkupin Mo ako ngayong gabi. Sapagkat sa Iyong mga kamay ay ipinagkakatiwala ko ang aking katawan at kaluluwa at ang lahat ng bagay. Pangalagaan nawa ako ng Iyong banal na anghel upang ang diyablo ay huwag magkaroon ng kapangyarihan sa akin. Amen.

Pagkatapos ay matulog kang payapa ang kalooban.

Kung Paano Dapat Turuan ng Ama ng Tahanan ang Kanyang Sambahayan na Humingi ng Pagpapala at Magpapasalamat



## **PAGHINGI NG PAGPAPALA**

Mapitagang dudulog sa hapag ang sambahayan na nakadaop-palad at sabihin:

Ang mga mata ng lahat sa iyo ay nakatingin, at ibinibigay mo sa kanila sa tamang panahon ang kanilang pagkain. Binubuksan mo ang iyong kamay, binibigyang-kasiyahan mo ang nasa ng bawat bagay na may buhay.

Pagkatapos ay sasabihin ang Ama Namin at ang sumusunod:

Panginoong Diyos, Ama sa langit, pagpalain Mo kami at ang Iyong mga handog na aming tinanggap sa Iyong dimasayod na kabutihan, sa pamamagitan ni Jesu-Cristo na aming Panginoon. Amen.

## **ANG PAGPAPASALAMAT**

Matapos kumain, magalang at nakadaop-palad nilang sabihin:

O magpasalamat kayo sa Panginoon; sapagkat siya'y mabuti; sapagkat ang kanyang tapat na pag-ibig ay magpakailanman; siya na nagbibigay ng pagkain sa lahat ng laman; Siya'y nagbibigay sa hayop ng kanilang pagkain, at sa mga inakay na uwak na nagsisidaing. Ang kanyang kaluguran ay wala sa lakas ng kabayo, ni ang kanyang kasiyahan sa mga binti ng tao, ngunit ang Panginoon ay nalulugod sa mga natatakot sa kanya, sa kanyang tapat na pag-ibig ay umaasa.

Isunod ang Ama Namin at ang sumusunod:

Nagpapasalamat kami, Panginoong Diyos, Ama namin sa langit, sa lahat ng Iyong mga biyaya, sa pamamagitan ni Jesu-Cristo na aming Panginoon. Ikaw na nabubuhay at naghahari magpakailanman. Amen.

## **IKATLONG BAHAGI**

### **Talaan ng mga Tungkulin**

Ilang bahagi ng Kasulatan para sa iba't ibang banal na katungkulan at kalagayan, na ang mga ito ay kinakailangang ipasunod ayon sa kanilang gawain at katungkulan.

### **ANG TUNGKULIN NG MGA OBISPO, MGA PASTOR, AT MGA MANGANGARAL**

Ang sinumang nagnanais na maging tagapangasiwa (o obispo) sa iglesya ay naghahangad ng mabuting gawain. Kaya nga, ang isang tagapangasiwa ay kailangang walang kapintasan; isa lamang ang asawa, matino ang pag-iisip, marunong magpigil sa sarili, kagalang-galang, bukás ang tahanan sa iba, at may kakayahang magturo. Dapat hindi siya lasenggo, hindi marahas kundi mahinahon; hindi mahilig makipag-away at hindi maibigin sa salapi. Dapat mahusay siyang mamahala sa sariling pamilya, iginagalang at sinusunod ng kanyang mga anak. Hindi siya dapat isang baguhang mananampalataya. Kailangang matatag siyang nananalig sa mga tunay na aral na natutunan niya, upang ito'y maituro naman niya sa iba at maipakita ang kamalian ng mga sumasalungat dito.

1 Timoteo 3:1-4,6; Tito 1:9

## **ANG TUNGKULIN NG MGA TAGAPAKINIG NG SALITA SA KANILANG MGA PASTOR**

Kainin ninyo at inumin ang anumang ihain sa inyo sapagkat ang manggagawa ay karapat-dapat tumanggap ng sahod.

Lucas 10:7

Ipinag-utos ng Panginoon na ang mga nangangaral ng Magandang Balita ay dapat matustusan ang ikabubuhay sa pamamagitan ng Magandang Balita.

1 Corinto 9:14

Ang mga tinuturuan ng salita ng Diyos ay dapat magbahagi ng lahat ng magagandang bagay sa mga nagtuturo. Huwag ninyong linlangin ang inyong sarili; hindi maaaring tuyain ang Diyos. Kung ano ang itinanim ng tao, iyon din ang kanyang aanihin.

Galacia 6:6,7

Ang mga matatandang pinuno ng iglesia na mahusay mamahala ay karapat-dapat tumanggap ng paggalang at kabayaran, lalo na ang mga masigasig sa pangangaral at pagtuturo ng salita ng Diyos. Sapagkat sinasabi ng kasulatan, “Huwag mong bubusalan ang bibig ng baka habang ito'y gumigiik.” Nasusulat din, “Karapat-dapat lamang na bayaran ang manggagawa.”

1 Timoteo 5:17,18

Ipinapakiusap namin na igalang ninyo ang mga nagpapakahirap sa pamamahala at pagtuturo sa inyo alang-alang sa Panginoon. Pag-ukulan ninyo sila ng lubos na paggalang at pag-ibig dahil sa kanilang gawain. Makitungo kayo sa isa't isa nang may kapayapaan.

1 Tesalonica 5:12,13

Pasakop kayo at sumunod sa mga namamahala sa inyo. Sila'y nangangalaga sa inyo, at mananagot sila sa Diyos sa gawaing ito. Kung sila'y susundin ninyo, magagalak sila sa pagtupad ng kanilang tungkulin; kung hindi, sila'y mamimighati, at hindi ito makakabuti sa inyo.  
Hebreo 13:17

### **ANG TUNGKULIN NG PAMBANSANG PAMAHALAAN**

Ang bawat tao'y dapat pasakop sa mga pinuno ng pamahalaan, sapagkat walang pamahalaang hindi mula sa Diyos, at ang Diyos ang nagtatag ng mga pamahalaang umiiral. Kaya nga, ang lumalaban sa pamahalaan ay lumalaban sa itinalaga ng Diyos; at sila'y nararapat sa parusa. Ang mga pinuno ay hindi dapat katakutan ng taong gumagawa ng mabuti. Ang mga gumagawa lamang ng masama ang dapat matakot. Kung ayaw mong matakot sa mga namumuno, gumawa ka ng mabuti, at pararangalan ka nila. Sila'y mga lingkod ng Diyos para sa ikabubuti mo. Ngunit kung gumagawa ka ng masama, dapat kang matakot dahil sila'y may kapangyarihang magparusa. Sila'y mga lingkod ng Diyos, na nagpaparusa sa mga gumagawa ng masama.

Roma 13:1-4

### **ANG TUNGKULIN NG MGA NASASAKUPAN**

Ibigay ninyo sa Emperador ang para sa kanya, at sa Diyos ang para sa Diyos. Mateo 22:21

Kaya nga, dapat kayong pasakop sa kanila, hindi lamang upang hindi kayo maparusahan, kundi alang-alang na rin sa inyong budhi.

Iyan din ang dahilan kung bakit kayo nagbabayad ng buwis. Ang mga pinuno ng pamahalaan ay mga lingkod ng Diyos at ito ang kanilang tungkulin. Ibigay ninyo sa bawat isa ang nararapat sa kanya. Magbayad kayo sa mga dapat bayaran at magbigay kayo ng buwis sa dapat buwisan; igalang ninyo ang dapat igalang at parangalan ninyo ang dapat parangalan.

Roma 13:5-7

Una sa lahat, ipinapakiusap kong idulog ninyo sa Diyos ang inyong mga kahilingan, panalangin, pagsamo, at pasasalamat para sa lahat ng tao. Idalangin rin ninyo ang mga hari at maykapangyarihan, upang tayo'y makapamuhay nang matahimik, mapayapa, maka-Diyos at marangal. Ito ang mabuti at nakalulugod sa Diyos na ating Tagapagligtas.

1 Timoteo 2:1-3

Paalalahanan mo ang mga kapatid na magpasakop sa mga pinuno at maykapangyarihan; sundin ang mga ito at laging maging handa sa paggawa ng mabuti.

Tito 3:1

Alang-alang sa Panginoon, pasakop kayo sa lahat ng may kapangyarihan sa bayan, sa Emperador, na siyang pinakamataas na kapangyarihan, at sa mga gobernador, na isinugo niya upang magparusa sa mga gumagawa ng masama at magparangal sa mga gumagawa ng mabuti.

1 Pedro 2:13,14

## **ANG TUNGKULIN NG LALAKI SA KANYANG MAYBAHAY**

Kayo namang mga lalaki, unawain ninyo at pakitunguhang mabuti ang inyong asawa, sapagkat sila'y mas mahina. At sila'y kasama ninyong tatanggap ng buhay na kaloob ng Diyos. Gawin ninyo ito upang walang maging sagabal sa inyong mga panalangin. Mga lalaki, mahal in ninyo ang inyong asawa, at huwag kayong maging malupit sa kanila.

1 Pedro 3:7; Colosas 3:19

## **ANG TUNGKULIN NG BABAE SA AMA NG TAHANAN**

Mga babae, pasakop kayo sa sarili ninyong asawa tulad ng pagpapasakop ninyo sa Panginoon.

Efeso 5:22

Tulad ni Sara, sinunod niya at tinawag na panginoon ang asawa niyang si Abraham. Kayo rin ay mapapabilang sa kanyang mga anak kung matuwid ang inyong mga gawa, at kung wala kayong anumang kinatatakutan.

1 Pedro 3:6

## **ANG TUNGKULIN NG MGA MAGULANG**

Mga magulang, huwag ninyong ibuyo sa paghihimagsik laban sa inyo ang inyong mga anak. Sa halip, palakihin ninyo sila ayon sa disiplina at aral ng Panginoon.

Efeso 6:4

## **ANG TUNGKULIN NG MGA ANAK**

Mga anak, sundin ninyo ang inyong mga magulang, [alang-alang sa Panginoon,] sapagkat ito ang nararapat. “Igalang mo ang inyong ama at ina.” Ito ang unang utos na may kalakip na pangako: “Magiging maganda at mahaba ang inyong buhay sa lupa.”

Efeso 6:1-3

## **ANG TUNGKULIN NG MGA LINGKOD SA TAHANAN, UPAHANG MGA LALAKI AT MGA MANGGAGAWA**

Mga alipin, sundin ninyo ang inyong mga amo dito sa lupa nang may buong katapatan, takot at paggalang, na parang si Cristo ang siya ninyong pinaglilingkuran. Gawin ninyo iyan, may nakakakita man o wala, hindi upang mapuri ng mga tao kundi dahil kayo'y mga lingkod ni Cristo at buong pusong sumusunod sa kalooban ng Diyos. Maglingkod kayo nang masaya ang kalooban na parang sa Panginoon kayo naglilingkod at hindi sa tao. Sapagkat alam ninyong gagantimpalaan ng Panginoon ang bawat mabuting gawa ninuman, maging siya man ay alipin o malaya.

Efeso 6:5-8

## **ANG TUNGKULIN NG MGA PINAGLILINGKURAN**

Mga amo, maging mabait kayo sa inyong mga alipin at huwag silang pagbabantaan. Huwag ninyong kalilimutan na kayo'y parehong alipin ng iisang Panginoon na nasa langit, at pantay ang kanyang pagtingin sa inyo.

Efeso 6:9



## **ANG TUNGKULIN NG MGA KABATAAN**

At kayo namang mga kabataan, pasakop kayo sa matatandang pinuno ng iglesya. At kayong lahat ay magpakumbaba sapagkat, “Sinasalungat ng Diyos ang mapagmataas, ngunit pinagpapala niya ang mababang-loob.” Kaya nga, pasakop kayo sa kapangyarihan ng Diyos at dadakilain niya kayo pagdating ng takdang panahon.

1 Pedro 5:5,6

## **ANG TUNGKULIN NG MGA BABAING BALO**

Ang biyuda na walang ibang maaasahan sa buhay ay sa Diyos na lamang umaasa, kaya't patuloy siyang nananalangin araw at gabi. Samantala, ang biyudang mahilig sa kalayawan ay maituturing nang patay, bagaman siya'y buháy.

1 Timoteo 5:5,6

## **ANG TUNGKULIN NG BAWA'T ISA SA KANYANG KAPUWA**

Ibigin mo ng iyong kapuwa gaya ng iyong sarili. Roma 13:9. Dito nabubuo ang lahat ng Kautusan. Magpatuloy sa pananalangin para sa lahat ng tao.

## **IKAAPAT NA BAHAGI**

### **Mga Katanungang Cristiano at mga Kasagutan**

Sinulat ni Martin Lutero sa mga nagnanasang tumanggap ng Sakramento ng Banal na Hapunan.

Pagkatapos ng Pangungumpisal at pag-aaral ng Sampung Utos, ng Credo, ng Ama Namin, at mga Sakramento ng Pagbabautismo at Banal na Hapunan, ang Pastor ay maaaring magtanong sa tatanggap ng Banal na Hapunan, o maaaring tanungin ng tatanggap ang kanyang sarili.

1. Naniniwala ka ba na ikaw ay isang makasalanan?  
Opo, ako ay naniniwala na ako ay isang makasalanan.
2. Paano mo nalaman ito?  
Buhat sa Sampung Utos na hindi ko nasunod.
3. Ikaw ba ay nagsisisi sa iyong mga kasalanan?  
Opo, ako'y nagsisisi sapagkat ako'y nagkasala sa Diyos.
4. Ano ang dapat mong tanggapin buhat sa Diyos dahil sa iyong mga kasalanan?  
Ang pagkapoot at pagkamuhi ng Diyos, ang kamatayan at walang-hanggang kaparusahan ang nauukol sa akin. Roma 6:21,23
5. Umaasa ka ba na ikaw ay maliligtas?  
Opo, umaasa ako.

6. Kung gayon, kanino ka nagtitiwala?  
Sa minamahal kong Panginoong Jesu-Cristo.
7. Sino si Cristo?  
Siya'y Anak ng Diyos; tunay na Diyos at tunay na Tao.
8. Ilang Diyos mayroon?  
Iisa lamang ngunit may tatlong Persona: Ama, Anak, at Espiritu Santo.
9. Ano ang ginawa ni Cristo upang ikaw ay magtiwala sa Kanya?  
Siya'y namatay sa krus dahil sa akin at ibinuhos ang Kanyang dugo sa kapatawaran ng aking mga kasalanan.
10. Namatay din ba ang Ama nang dahil sa iyo?  
Hindi po sapagkat ang Diyos Ama ay hindi nagkatawang-tao, gayon din ang Espiritu Santo; ngunit ang Anak ay tunay na Diyos at tunay na Tao; Siya ang namatay at nagbuhos ng kanyang dugo dahil sa akin.
11. Paano mo ito nalaman?  
Sa pamamagitan ng Banal na Ebanghelyo, sa pananalita ng Sakramento, at sa Kanyang katawan at dugo na ibinigay sa akin bilang patotoo na nasa Sakramento.
12. Ano ang sinasabi ng mga pananalita ng Sakramento?  
Ang ating Panginoong Jesu-Cristo nang gabing ipagkanulo Siya ay dumampot ng tinapay, at nang makapagpasalamat Siya, ay pinagpira-

piraso Niya ito at binigyan nito ang mga alagad, at sinabi, “Kunin ninyo at kanin; ito ang Aking katawan na ibinibigay para sa inyo. Gawin ninyo ito sa pag-alaala sa Akin.”

Sa gayon ding paraan ay hinawakan Niya ang saro, pagkahapunan, at nang makapagpasalamat na Siya, ay ibinigay Niya ito sa kanila, na sinasabi, “Uminom kayong lahat nito; ang sarong ito ang bagong tipan sa Aking dugo, na nabubuhos alang-alang sa inyo sa ikapagpapatawad ng mga kasalanan. Gawin ninyo ito sa tuwing iinom kayo nito, sa pag-alaala sa Akin.”

13. Kung gayon pinaniniwalaan mo ba na ang tunay na katawan at dugo ni Cristo ay nasa Sakramento?

Opo, pinaniniwalaan ko ito.

14. Bakit mo pinaniniwalaan ito?

Dahil sa salita ni Cristo, “Kunin ninyo at kanin; ito ang Aking katawan,” at “Uminom kayong lahat nito; ito ang Aking dugo.”

15. Ano ang dapat nating gawin kung ating kinakain ang Kanyang katawan at iniinom ang kanyang dugo at sa gayong paraa’y tinatanggap ang patotoo?

Dapat nating alalahanin at ipamalita ang Kanyang pagkamatay at ang pagkabuhos ng Kanyang dugo, ayon sa Kanyang itinuro: “Gawin ninyo ito sa tuwing iinom kayo nito, sa pag-alaala sa Akin.”

16. Bakit natin dapat alalahanin at ipamalita ang Kanyang pagkamatay?

Upang tumibay ang ating pananampalataya na walang nilalang na makatutubos ng ating mga kasalanan kundi si Cristo, na tunay na Diyos at tunay na Tao, at tayo ay masindak at madama natin ang kalakhan ng ating mga kasalanan, nang sa gayo'y matutuhan nating lumapit sa Kanya upang makasumpong ng kagalakan at kaaliwang nasa Kanya lamang at sa gayong pananampalataya ay maligtas.

17. Bakit Niya tinanggap ang kamatayan at tinubos ang ating mga kasalanan?

Dahil sa Kanyang dakilang pag-ibig sa Kanyang Ama at sa akin at sa ibang makasalanan, gaya ng nasusulat sa Juan 14; Roma 5; Galacia 2; Efeso 5.

18. Kaya nga, bakit mo ninanais tumanggap ng Sakramento ng Banal na Hapunan?

Upang tumibay ang aking pananampalataya na si Cristo ay namatay dahil sa aking mga kasalanan, bunga ng dakilang pag-ibig, at nang aking matutuhan mula sa Kanya na mahalín ang Diyos at ang aking kapuwa.

19. Ano ang dapat bumagabag sa isang Cristiano at magbunsod sa kanya upang malimit na tumanggap ng Sakramento?

Ang utos at pangako ni Cristong Panginoon at ang mga kabagabagang nagpapahirap sa isang Cristiano ay sapat nang magbunsod sa kanya.

20. Ngunit ano ang dapat gawin ng isang tao kung hindi niya nadarama ang pagkagutom at pagkauhaw sa Sakramento?

Sa gayong tao ay walang mainam na payo na maibibigay kundi, una: tutupin niya ang kanyang dibdib upang malaman niyang siya nga'y laman at dugo at nang siya'y lubusang manampalataya sa sinasabi ng Banal na Kasulatan tungkol dito; Galacia 5 at Roma 7.

Ikalawa; tumingin siya sa kanyang paligid kung siya nga'y nasa sanlibutan pa at isipin na hindi mawawalan ng pagkakasala at kaligaligan dito, gaya ng sinasabi ng Banal na Kasulatan sa Juan 15 at 16; 1 Juan 2 at 5.

Ikatlo; alalahanin niya kung magkagayon na pasasa kanya ang diyablo na kasama ang pagsisinungaling at pagpatay gabi't araw, at hindi siya magkakaroon ng panloob ni panlabas na kapayapaan gaya ng pagkakarawan sa diyablo sa Juan 8 at 16; 1 Pedro 5; Efeso 6; 2 Timoteo 2.

#### PAUNAWA

Ang mga tanong at sagot na ito ay hindi gawang biro lamang, kundi isinulat nang may tauspusong layunin para sa bata at matanda ng kagalang-galang at matapat na mananampalatayang si Dr. Lutero. Ang bawat isa ay mag-ingat at mag-ukol din ng mahalagang pansin sa mga bagay na ito; sapagkat isinulat ni Pablo sa mga taga-Galacia, ikaanim na kabanata: "Huwag kayong palinlang; hindi napaglalalangan ang Diyos."

**SI MARTIN LUTERO,  
ANG MAY-AKDA NG MALIIT NA KATESISMO**

**Ang Pangangailangan para sa isang  
Repormasyon  
O Pagbabagong-tatag**

Sa unang 500 na taon pagkaraan ng kapanahunan ni Cristo, patuloy na lumago at lumaganap ang iglesiang Cristiano sa kabila ng mga pag-uusig at pag-atake ng bulaang mga tagapagturo. Pagsapit ng taong 600 A.D. dalawang bagay ang naganap na nagdulot ng matinding panganib sa iglesiang Cristiano: una ay ang pananakop ng mga tinatawag na mga Mohammedano, at ang ikalawa ay ang pag-usbong ng obispo ng Roma.

Nasakop ng hukbo ng mga Mohammedano ang Kanlurang Africa, Palestina, Syria at Asia Minor. Nawasak sa mga pananakop na ito ang mga gusaling-sambahan ng mga Cristiano sa lahat ng mga lugar na nabanggit.

Sa Hilagang Europa ang obispo ng Roma ang naging pinuno ng iglesiang Cristiano. Siya ang pinuno ng mga iglesia sa Espanya, Pranses, Inglatera, Alemanya, at Italya. Siya'y naging kilala bilang ang Papa at kanyang inihayag na siya ay itinalaga ni Cristo upang mamuno sa lahat, kabilang ang mga hari. Hindi ginamit ng Papa ang kanyang kapangyarihan upang paglingkuran si Cristo. Sa halip, siya'y nagturo ng mga katuruang salungat sa Biblia. Isa rito ang katuruan tungkol sa purgatoryo. Isa pa ay ang katuruan na ang kaligtasan ay makakamit hindi sa pamamagitan ng pananampalataya lamang

kundi sa pamamagitan din ng mabubuting gawa. Dagdag pa rito, itinuro rin niya na matatanggap lamang ng mga tao ang biyaya o kagandahang-loob ng Diyos sa pamamagitan lamang ng mga obispo at mga pari na kanyang itinalaga. Nang ipakita ng ilan na ang itinuturo ng Papa ay salungat sa Biblia, iniutos niyang parusahan ang sinumang magbabasa ng Biblia nang walang pahintulot niya.

Dahil sa pananakop ng mga Mohammedano at ng pag-usbong ng Papa, ang katotohanan tungkol sa Mabuting Balita ay halos maglaho na. Kailangan ng isang repormasyon o pagbabagong-tatag upang maibalik ang Biblia sa nararapat nitong kalalagayan at upang ibalik ang katotohanan tungkol sa kaligtasan. Ginamit ng Diyos si Lutero upang isakatuparan ang repormasyong ito.

### **Ang Kapanganakan ni Lutero (1483) at Pag-aaral**

Noong 1483, siyam na taon bago nadiskubre ni Colombo ang Amerika, ipinanganak si Lutero sa maliit na bayan ng Eisleben, Alemanya. Mahirap ang kanyang mga magulang, ngunit alam nilang si Lutero ay isang matalinong bata, kaya pinag-aral nila siya. Nang si Lutero ay labing-apat na taong gulang, kinailangan niyang lisanin ang kanilang tahanan upang maipagpatuloy niya ang kanyang pag-aaral. Kasama ang ilan pang mga kabataang lalaki na salat din sa salapi, si Lutero ay umaawit sa mga tahanan ng mga mayayaman upang sila ay magkaroon ng pambili ng pagkain. Sa kabila nito naging maayos ang kanyang pag-



aaral kaya't hinimok siya ng kanyang mga guro na magpatuloy sa pag-aaral sa kolehiyo.

Sa panahong iyon ang ama ni Lutero ay kumikita na nang sapat upang may maitustos sa ilang mga pangangailangan ni Lutero. Kaya't si Lutero ay nagtungo sa Unibersidad ng Erfurt. Nag-aral si Lutero ng abogasiya at muling nagpakita ng kagalingan bilang isang estudyante. Siya'y iginagalang ng lahat ng nakakikilala sa kanya at kinagigiliwan siya ng kapwa niya mga estudyante. Noong 1505 siya'y nagtapos ng antas na "dalubhasa sa sining". Ngunit si Lutero ay hindi nakasumpong ng tunay na kaligayahan.

### **Si Lutero, ang Monghe (1505)**

Nang si Lutero ay isang musmos na bata, tinuruan siya ng kanyang mga magulang na manalangin sa mga santo, igalang ang Papa at ang Iglesia Katolika Romana, at gumawa ng mabuti. Bagamat ginawa ni Lutero ang lahat ng ito nang may katapatan, siya'y lubos na binagabag pa rin ng kanyang mga kasalanan. Alam niya na napopoot ang Diyos sa tao dahil sa kasalanan. Kaya't siya'y namuhay nang may labis na pangamba na ang kamatayan ay nangangahulugang haharapin niya ang matinding pagpaparusa ng Diyos dahil sa kanyang mga kasalanan. Upang siya'y makasumpong ng kapayapaan ng kanyang kaluluwa, siya'y nagpasyang pumasok sa isang monasteryo upang maging isang monghe.

Sa monasteryo ay sinunod ni Lutero ang lahat ng panuntunan na dapat sanang magdudulot upang ang kanyang buhay bilang isang monghe

ay maging lalong banal. Pinahirapan pa niya ang kanyang sarili sa pamamagitan ng pagtulog sa matigas na sahig na semento at sa paghampas sa kanyang sariling katawan. Noong 1507 siya'y naging isang pari at nangasiwa sa kanyang unang Misa. Ngunit wala alinman sa mga ito ang nagdulot kay Lutero ng kapayapaan ng isip na kanyang hinahanap.

### **Si Lutero sa Wittenberg (1508)**

Ipinasiya ng pinuno ng monasteryo na si Doktor Staupitz na ipadala si Lutero sa Wittenberg upang ihanda nito ang kanyang sarili upang maging tagapagturo ng Biblia sa bagong unibersidad na itinayo ng pinuno (tinatawag na “Elector”) ng Saxony. Umasa si Staupitz na ang bagong pagtatalaga na ito ay magbibigay kay Lutero ng higit na maraming pagkakataon upang pag-aralan ang Biblia. Umasa rin siya na mababawasan ang labis na pag-aaalala ni Lutero sa kanyang mga kasalanan kung siya ay maging abala na sa pagtuturo.

Habang si Lutero ay nasa monasteryo pa, sinabi ni Staupitz kay Lutero na kay Jesus ay makasusumpong siya ng kapayapaan na kanyang hinahanap. Dahil sa kanyang pag-aaral ng Salita ng Diyos bilang propesor sa Wittenberg, unti-unting natutunan ni Lutero ang tungkol sa pag-ibig ng Diyos na na kay Kristo. Sa pamamagitan ng Biblia ay natagpuan niya sa wakas ang kapayapaang kanyang pilit na hinahanap.

‘Di nagtagal ay nakilala si Lutero bilang isang mahusay na tagapagturo at tagapangaral. Ang

mga estudyante mula sa iba't ibang mga lugar ay dumagsa sa kanyang mga klase. Dumaragsa rin ang maraming tao upang pakinggan siya sa kanyang pangangaral kung kaya't siya'y itinalaga upang mangaral sa parokya ng bayan sa Wittenberg. Dinaragsa ng maraming tao ang mga pangangaral ni Lutero hindi lamang dahil sa kanyang paraan ng pangangaral at pagtuturo, kundi dahil din sa “bagong” mga bagay na kanyang sinasabi na pinananabikang marinig ng mga tao.

“Ang kapatawaran ng kasalanan”, wika niya, “ay hindi isang bagay na ating pinagsisikapang makamtam sa pamamagitan ng ating mabubuting gawa. Sa halip, ito ay isang walang bayad na regalo na ibinibigay sa atin ng Diyos dahil sa lahat ng mga ginawa ni Jesus para sa atin bilang ating Tagapagligtas. Kaya't ang kaligtasan, kung magkagayon, ay ganap na at tanging sa pamamagitan lamang ng pananampalataya kay Jesus.”

### **Ang 95 na mga Pahayag o Sanaysay ni Lutero (1517)**

Ang “bagong” aral na ito ni Lutero, na sa katunayan ay pagbabalik lamang sa payak na katotohanan ng Salita ng Diyos, ay hindi nagdulot ng anumang usapin hanggang 1517. Nang taon iyon, isang kaganapan ang nag-udyok upang magsimula ang isang Repormasyon o Pagbabagong-tatag.

Upang makalikom ng salaping kailangan sa pagtatayo ng “St. Peter’s Church” sa Roma, ipinahintulot ng Papa ang pagbebenta ng

indulhensiya sa buong Alemanya. Tinutulan ni Lutero ang gawaing ito na nagbibigay ng pangako sa mga tao na sila ay makaliligtas sa kaparusahan para sa kanilang mga kasalanan sa purgatoryo kapalit ng pagbabayad nila ng salapi. Sumulat siya sa wikang Latin ng 95 na mga pahayag o sanaysay na nagpapakita na ang pagbebenta ng indulhensiya ay salungat sa Biblia. Noong Oktubre 31, 1517, ipinako ni Lutero sa pinto ng “Castle Church” ang papel na naglalaman ng kanyang mga pahayag. Ang pinto ng “Castle Church” ay sadyang ginagamit upang ipako ang mga pabatid-publiko sa Wittenberg.

Ang layunin ni Lutero sa pagpapako ng kanyang mga pahayag laban sa pagbebenta ng indulhensiya ay upang hikayatin ang sinuman mula sa unibersidad upang makipagtalakayan sa kanya kaugnay ng usaping iyon. Kaya’t wikang Latin ang ginamit niya. Kaya lamang, ang kanyang 95 na mga pahayag (95 Theses) ay mabilis na isinalin, inilimbag, at ipinakalat sa halos lahat ng lugar sa Alemanya at sa iba pang mga lugar sa Europa. Kung saan man makarating ang mga kasulatang iyon, malaking usapin ang idinudulot niyon.

Sa wakas, iniutos ng Papa na dapat humarap si Lutero sa Roma upang sagutin ang paratang na siya’y nagtuturo ng maling aral. Ginamit ng pinuno ng Saxony ang kanyang kapangyarihan upang ipilit na ang usapin ni Lutero ay dapat na ayusin sa Alemanya at hindi sa Roma.

## **Si Lutero sa “Diet of Worms” at sa Wartburg (1521)**

Noong 1518, humarap si Lutero kay Kardinal Cajetan, ang ipinadala ng Papa na kanyang kinatawan. Tumanggi si Cajetan na talakayin kay Lutero ang isinulat nitong 95 na mga pahayag. Sa halip, iniutos niyang dapat na aminin ni Lutero na mali ang kanyang mga pahayag. Sinabi ni Lutero na hindi niya magagawa iyon liban na lamang kung maipakikita ni Cajetan mula sa Biblia na siya nga ay mali. Isang taon ang lumipas, sa isang debate sa isang dalubhasa na nangganggalang Doktor Eck, sinabi ni Lutero na hindi kinakailangan sa kaligtasan na magpasakop ang tao sa Papa.

Dahil sa mga pahayag na ito ni Lutero, nagpalabas ang Papa ng isang opisyal na pabatid na tinatawag na “papal bull” (mula sa salitang “bulla” na nangangahulugang “tatak”) na nagsasaad na si Lutero ay ititiwalag bilang kasapi ng Iglesia Katolika Romana at dapat na sunugin ang lahat ng kanyang mga isinulat kung hindi niya babawiin ang kanyang mga pahayag.

Noong 1521, ipinatawag ni Emperador Charles si Lutero sa isang pagpupulong ng mga pinunong Aleman na tinatawag na “Diet of Worms”. Umasa ang emperador na sa pagpupulong na ito ay kanyang mawawakasan ang hindi pagkakasundo sa pananampalataya ng mga pinunong Aleman, upang sila ay sama-samang makatulong niya sa pagpigil sa nakaambang pananakop ng mga Turko. Sinabi niya kay Lutero na hindi niya ibig na magkaroon ng debate tungkol sa katuruan ng

Biblia kundi ibig lang niyang aminin ni Lutero na mali ang kanyang mga itinuturo.

Matapos mataimtim na pag-isipan ang kanyang sagot sa loob ng isang araw, sinabi ni Lutero sa kanila, “Malibang mapatunayan ninyo mula sa Biblia na ako ay mayroong ipinahayag na mali, hindi ko babawiin ang anuman. Ang aking konsensiya ay nakatali sa Salita ng Diyos. Ito ang aking paninindigan. Wala akong magagawa. Tulungan ako ng Diyos. Amen.”

Dahil sa pagtanggap ni Lutero, idineklara siya ng emperador bilang isang “bandido” na maaaring patayin ng sinuman pagkaraan ng dalawampung araw. Ngunit iniligtas si Lutero ni Elector Frederick sa pamamagitan ng kunwaring pagtanggap sa kanya at pagdala sa kanya sa isang tagong kastilyo na tinatawag na Wartburg. Si Lutero ay nanatiling nakakubli sa Wartburg sa loob ng isang taon. Sa panahong iyon ay isinalin niya sa wikang Aleman ang Bagong Tipan, upang mabasa ng kanyang mga kababayan ang Salita ng Diyos para sa kanilang mga sarili.

### **Ang Pagbabalik ni Lutero sa Wittenberg at ang Kanyang Kamatayan (1546)**

Nakabalik si Lutero sa Wittenberg noong 1522 sapagkat itinulot ng Diyos na maging abala si Emperador Charles sa iba pang mga seryosong problema sa ibang bahagi ng kanyang imperyo. Nagawa lamang na maituong muli ng emperador ang kanyang atensyon sa mga “Luterano” sa Alemanya higit dalawampung taon ang nakalipas, noong taong 1546, na siya ring taon ng kamatayan ni Lutero. Sa panahong iyon,

naging matatag na ang Repormasyon at hindi na ito kinaya pang buwagin ng emperador.

Ang huling dalawampung taon sa buhay ni Lutero ay lubhang naging abala. Siya’y regular na nagturo sa Unibersidad ng Wittenberg at nangaral sa parokya ng bayan. Katuwang ang kanyang mga kamanggagawa, inilimbag niya ang isang salin ng Luma at Bagong Tipan sa wikang Aleman upang ang Biblia ay mabasa at maunawaan ng kanyang mga kababayan. Sumulat siya ng mga himno upang ang mga katotohanang itinuturo ng Biblia ay maipahayag ng mga tao sa pamamagitan ng pag-awit. Sumulat rin siya ng maraming mga liham sa mga tao tungkol sa Biblia at sa mga katuruang-Cristiano. Sumulat siya ng mga paliwanag tungkol sa mga aklat ng Biblia na tinatawag na mga komentaryo at daan-daang mga sulatin sa itinuturo ng Biblia tungkol sa iba’t ibang mga paksa.

Pinakasalan ni Lutero ang isang dating mongha, si Katerina von Bora, at sila’y pinagkalooban ng Diyos ng anim na mga anak.

Noong Pebrero 18,1546, sumakabilang-buhay si Lutero. Ang kanyang katawan ay inilagak sa isang kaha de yero na inilagay sa ilalim ng pulpito sa Castle Church.

### **Si Lutero at ang Maliit na Katesismo**

Madalas na ipinakikita ni Lutero ang kanyang malalim na malasakit sa Cristianong paghubog ng mga kabataan. Hinikayat niya ang mga tao na magkaloob at sumuporta sa mga Cristianong paaralan para sa kanilang mga anak. Nang

malaman ni Lutero na maraming mga pastor at mga magulang ang hindi nakaaalam kung paano ituturo sa mga bata ang mga pangunahing katuruan ng Biblia, isinulat niya ang Maliit na Katesismo.

Ang pangunahing layunin ni Martin Lutero sa kanyang pagsulat ng isang katesismo ay upang akayin ang mga bata sa kaalaman at pananampalataya na ang tanging daan tungo sa kaligtasan ay sa pamamagitan ng pananampalataya kay Jesus. Nais niyang ang kanyang katesismo ay maging payak ngunit naglalaman ng lahat ng pangunahing mga katuruan ng Biblia. Ang anim na pangunahing bahagi ng Maliit na Katesismo (nakasulat ayon sa pagkakasunod-sunod ng paksang ating pag-aaralan) ay:

1. Ang Sampung Utos
2. Ang Credo
3. Ang Sakramento ng Bautismo
4. Ang Sakramento ng Banal na Komunyon
5. Ang Pamamahala ng mga Susi at ang Pangungumpisal
6. Ang Ama Namin

### **Ang Paggamit natin ng Katesismo**

Itinuturing ng Iglesiang Luterano ang Maliit na Katesismo na naglalaman ng pinakamunting kaalaman na dapat matutunan ng bawat isang Cristiano tungkol sa mga katuruan ng Biblia. Sa loob ng higit 400 na taon ang Maliit na Katesismo ang nagsilbing panimulang aklat ng pagtuturo



para sa mga bata at matatanda. Lahat ng nakasaad sa katesismo ay pawang mula sa Biblia. Sa sumusunod na paliwanag sa Maliit na Katesismo ni Lutero, ihahambing natin ang mga itinuturo sa katesismo sa itinuturo ng Biblia upang matiyak natin na ang itinuturo ng katesismo ay walang iba kundi ang Salita ng Diyos. Pagkatapos ay maaari nating kabisaduhin at gamitin ang mga salitang ginamit sa katesismo bilang maikling buod ng pangunahing mga katotohanang itinuturo ng Salita ng Diyos. Ang buod na ito ay magsisilbi ring isang pundasyon na maaari nating tuloy-tuloy na binubuo habang sinisikap nating patatagin ang ating pananapalataya sa pamamagitan ng pag-aaral ng Biblia buong buhay natin.

Bagamat ang katesismo ay payak, kailangan natin itong pag-aralan nang buong taimtim upang ating malaman at higit na maunawaan ang mga katotohanan ng Biblia na ibinubuod nito. Minsan ay tinanong ni Lutero ay kanyang anak na si Hans kung gaano na ang kanyang natutunan. Sagot ni Hans nang may halong pagmamalaki, “Ang buong katesismo po, Papa, sapagkat isinapuso ko po ito.” “Ganoon ba!, sagot ni Lutero. “Kung gayon na nga ang iyong natutunan, higit kang marunong kaysa akin. Sapagkat kailangan ko pa itong pag-aralan araw-araw.” Nawa, katulad ng may-akda ng Maliit na Katesismo na si Lutero, atin ring pahalagahan ang mga katotohanan ng Biblia na itinuturo sa atin ng katesismong ito at pag-aralan ang mga ito nang buong sigasig!







# Multi-Language Productions

Bringing the Word to the World

Luther's Small Catechism

Tagalog

Copyright © 2021 WELS-BWM

MLP Catalog Number: 385560